



U.S. FOOD & DRUG
ADMINISTRATION

Mga Fibroid sa Matris

Ano ang mga fibroids?

Ang mga fibroid sa matris ay ang pinakakaraniwang benign (hindi kanserus) na mga tumor, o bukol, sa mga babaeng nasa edad na puwedeng manganak. Tumutubo ang mga ito sa paligid ng muscular wall ng uterus (bahay-bata) at maaaring tumubo na iisang tumor o maaaring marami. Maaaring kasingliit ang mga ito ng buto ng mansanas o kasinlaki ng grapefruit. Ang mga fibroid ay maaaring lumaki o manatiling sa parehong laki sa paglipas ng panahon. Ang ibang medikal na termino sa mga fibroid ay leiomyoma o "myoma" lang.

Ano ang mga sintomas ng fibroid?

Hindi laging nagdudulot ng mga sintomas ang mga fibroid. Ang mga taong may mga sintomas ay maaaring mahirapang mamuhay na may mga fibroid. Maaaring kabilang sa mga sintomas ng fibroid ang:

- **Mga pagbabago sa pagreregla (buwanang dalaw mo)**
 - Labis na pagdurugo sa panahon ng iyong regla na sinisipsip ng isa o higit pang tampon o pad sa bawat oras o tumatagal ng higit sa pitong araw
 - Pagdurugo ng ari sa pagitan ng mga buwanang dalaw
 - Ang labis at iregular na pagdurugo ay nagdudulot ng anemis (mababang bilang red blood cell)
 - Masakit na pagreregla
- **Kabag o presyur**
 - Pagkaramdam ng "kabag" sa ibabang bahagi ng puson (tiyan)
 - Paliging naihi nang mas madalas o nahihirapang umihi
- **Pananakit**
 - Pananakit kapag nakikipagtalik
 - Pananakit sa tiyan o sa ibabang bahagi ng likod
- **Mga problema sa kakayahang mag-anak**
 - Pagkabaog
 - Pagkalaglag ng bata
 - Maagang pagle-labor


Ano ang sanhi ng mga fibroid?

Wala talagang nakakaalam kung ano ang sanhi ng mga fibroid Iniiisip ng mga mananaliksik na higit sa isang salik ang maaaring sanhi. Maaaring kabilang sa mga salik na ito ang:

- **Edad.** Tumataas ang panganib na magkaroon ng mga fibroid habang nagkakaedad at umaabot sa mga edad 50. Sa ilang mga babae, lumiliit ang mga fibroid pagkatapos ng menopause.
- **Kasaysayan ng pamilya o genetics.** Ang pagkakaroon ng miyembro ng pamilya (tulad ng ina, kapatid na babae o tiya) na may mga fibroid ay nagpapataas sa iyong panganib.
- **Lahi/etnikong pinagmulan.** Ang mga fibroid ay 2-3 beses na mas karaniwan sa mga taong African-American kaysa sa Asian, Hispanic, o Puti. May tendensiya rin ang mga taong African-American na magkaroon ng mga fibroid sa mas batang edad, at maaaring tumubo nang mas malakas ang mga fibroid.
- **Timbang.** Ang pagsobra sa timbang o katabaan ay nagpapataas sa panganib ng mga fibroid.
- **Mga hormone.** Ang mga fibroid ay maaaring maapektuhan ng mga lebel ng hormone— estrogen at progesterone.
- Pinatataas ng **mataas na presyon ng dugo** ang panganib ng mga fibroid.
- **Mga sakit na pangdiyeta** (hal. Kakulangan ng Vitamin D, paggamit sa soybean milk).

Paano ko malalaman kung may mga fibroid ako?

Maliban kung may mga sintomas ka, maaari mong malaman o hindi malaman kung mayroon kang fibroid. Sa ilang mga kaso, ang isang healthcare provider ay maghahanap ng mga fibroid sa panahon ng routing pelvic exam. Maaari ring magpakuha ang provider mo ng mga imaging test upang makita ang larawan ng mga fibroid. Ang operasyon (i.e. hysteroscopy) ay kayang kumpirmahin ang ultrasound diagnosis ng mga fibroid at magbigay ng karagdagang impormasyon tulad ng lokasyon ng mga fibroid.



Opisina ng FDA Para sa
Kalusugan ng Kababaihan
www.fda.gov/womens

Paano ginagamot ang mga fibroid?

Kung may mga sintomas ka, may mga medikal na paggamot na makakatulong. Makipag-usap tungkol sa iyong healthcare provider tungkol sa pinakamagandang paraan ng paggamot ng mga fibroid. Isasaalang-alang nila ang maraming bagay, tulad ng:

- Anong mga sintomas ang mayroon ka at gaano kalala
- Kung gusto mong magbuntis sa hinaharap
- Ang laki ng mga fibroid
- Ang lokasyon ng mga fibroid
- Ang iyong edad at gaano ka kalapit sa pagsisimula ng menopause

Kung may mga fibroid ka ngunit walang mga sintomas, maaaring kailangan mo ng medikal na atensiyon. Maaaring matingnan ng provider mo sa panahon ng mga regular na eksam upang makita kung ang mga fibroid ay lumaki at tatanungin ka kung may napansin kang anumang bago o lumalalang mga sintomas. Maaaring irekomenda ng provider mo ang isang imaging test upang makita ang paglaki o pagbabago sa laki.

Makipag-usap sa iyong provider upang talakayin kung dapat kang uminom ng gamot para kontrolin ang mga sintomas mo tulad ng:

- Mga iron supplement para gamutin o iwasan ang anemia (mababang bilang ng red blood cell) na dulot ng labis na padurugo.
- Pampalambot ng dumi para makatulong sa konstipasyon.
- Over-the-counter (OTC) o nireresetang gamot para sa pananakit upang makatulong na maibsan ang sakit dahil sa mga fibroid.

Maaaring irekomenda ng provider mo ang medikal na paggamot gamit

- Mga birth control na mga produkto, tulad ng pills, mga patch, o vaginal contraceptive rings
- Mga progesterone pill o injection (mga shot)
- Intrauterine device (IUD) na may hormone (progesterone)
- Ang mas bagong mga gamot na inaprubahan upang kontrolin ang malubhang pagdurugo tuwing may dalaw na kaugnay ng mga fibroid sa premenopausal na kababaihan.

Makipag-usap sa iyong provider tungkol sa mga panganib, benepisyo, at mga side effect bago mo simulan o tapusin ang isang medikal na paggamot.



**U.S. FOOD & DRUG
ADMINISTRATION**

Kung mayroon kang katamtaman o malubhang mga sintomas mula sa mga fibroid mo, maaaring magrekomenda ang iyong provider ng mga medikal na gamot tulad ng binabanggit sa itaas o mga paraan ng pag-opera. Kasama sa mga opsyon sa pag-oopera ang:

- **Myomectomy** – Operasyon para tanggalin ang mga fibroid nang hindi tinatangal ang malulusog na tisyu ng matris.
- **Hysterectomy** – Operasyon para tanggalin ang buong matris.
- **Fibroid ablation** – Isang paraan ng pag-oopera na gumagamit ng kuryente upang sirain ang tisyu ng fibroid habang iniwasang masira ang normal na tisyu sa matris. Hindi matatangal ang mga fibroid, ngunit liliit ang laki.
- **Uterine fibroid embolization (UFE) o uterine artery embolization (UAE)** – Isang manipis na tubo ang ikinakabit sa mga blood vessel na nagsusuplay ng dugo sa fibroid. Pagkatapos, maliit na plastic o mga piraso ng gel ang tinuturok sa mga daluyan ng dugo. Hinaharang nito ang suplay ng dugong papunta sa fibroid, kaya lumiliit ito.

Makipag-usap sa iyong provider tungkol sa mga opsyon sa medikal na paggamot at sa mga panganib at benepisyo ng mga ito. Masasagot ng provider mo ang lahat ng iyong tanong at makakapagpasya kayo nang magkasama kung aling paggamot ang tama para sa iyo.

Ang fact sheet na ito ay ginawa ng Opisina ng Kalusugan ng mga Kababaihan ng FDA. Ang impormasyong ito ay para sa edukasyonal na layunin lamang, ngunit hindi kasama lahat, at hindi dapat gamitin bilang kapalit sa pakikipag-usap sa iyong healthcare provider.

Upang alamin ang higit pang tungkol sa mga fibroid sa matris, pumunta sa:
www.fda.gov/uterinefibroids